



Shared knowledge - better, safer care

### **Pagbabahagi ng Impormasyon sa kalusugan**

Ang impormasyong may kinalaman sa iyong kalusugan ay ibinabahagi sa iyong taga-pangalaga sa pamamagitan ng "HealthOne", isang ligtas na sistema ng pagtatago ng mga elektronik na mga record ng pasyente.

### **HealthOne**

Ang "HealthOne" ay nagtatapi ng impormasyong may kinalaman sa kalusugan tulad ng mga rekord mula sa doktor, mga alerhiya, mga iniresetang gamot at mga resulta ng mga eksamen. Mga pinahintulatang taga-pangalagang iyong kalusugan lamang tulad ng doctor, nars at mga parmasista ang pwedeng tumingnan sa mga nasabing impormasyon, at sa lugar lang na kanilang pinagtrabahuhan.

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa kalusugan ay nangangahulugan ng:

- mas mabuti, ligtas na pangangalaga
- Mayroong mas kumpletong impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ang iyong koponan ng taga-pangalaga
- Ikaw at ang iyong taga-pangalaga ng kalusugan ay makakapagpasiya ng mas angkop na desisyon tungkol sa iyong pangangalaga
- Hindi kami umaasahang matatandaan mo ang iyong nakaraang medikal na kalagayan at ang mga iniresetang gamot na iyong iniinom
- Mas kaunting oras mo ang aming magugugol - minsanang mo lang kailangang ibigay ang impormasyon dahil ang mga resulta ay nasa "HealthOne", at hindi naming kailangang ulitin ang mga pag-eeksamen at pagsusuri, gaya ng iyong dugo, X-ray o "scan".

Ang impormasyon may kinalaman sa iyong kalusugan ay maaaring tingnan lamang ng iyong koponan ng taga-pangalaga, at wala ng iba pa.

Ang impormasyong may kinalaman sa iyong kalusugan ay kompidensyal at natse-tsek kung sino at bakit tinignan ang iyong mga rekord.

### **Maaari mong hindi ibahagi ang iyong impormasyon**

Maaari mong hilingin na ang ilang partikular na impormasyon ay hindi ibabahagi, o maaari ring walang anumang impormasyon ang ibabahagi, sa pamamagitan ng:

- Pagsasabi sa iyong taga-pangalaga ng kalusugan sa iyong pagpunta o pagkunsulta sa kanya
- Pagsasabi sa iyong parmasista sa pagkuha mo ng iniresetang gamot sa iyo.
- Libreng tawag sa 0508 837 872 (0508 TESTSAFE)
- Pag-i-email sa [testsafesouth@cdhb.health.nz](mailto:testsafesouth@cdhb.health.nz)

### **Kung pinili mong huwag ibahagi ang iyong impormasyon:**

Kung napasya kang huwag ibahagi ang iyong impormasyon, ang mga propesyonal na taga-pangalaga ng iyong kalusugan ay walang dagliang impormasyon na kanilang kinakailangan para mabigyan ka ng pinakamabuti at pinakaligtas na pangangalaga. Kung ninanais mong hindi magbahagi, pag-usapan ninyo ng iyong taga-pangalaga ng kalusugan o ng taong makaka-usap mo sa iyong pagtawag sa libreng numero ng telepono.

**Sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [www.HealthOne.org.nz](http://www.HealthOne.org.nz) o tumawag sa 0508 837 872 (0508 TESTSAFE)**